Sistema ng Pagranggo ng mga Kawani ng KWF

I. Pagsusumite ng IPCR at DPCR

1. Sang-ayon sa aprobadong SPMS ng Komisyon sa Wikang Filipino, iuulat at ilalagay sa DPCR at IPCR ang mga nagawa (*accomplishment/output*) sa loob ng anim na buwan. Ibig sabihin, dalawang beses magsusumite ng IPCR ang mga kawani at ng DPCR ang mga punò ng sangay. Tuwing ika-10 ng Enero at ika-10 ng Hulyo ang dedlayn ng pagsusumite sa sinagutang IPCR at DPCR, at itinakdang mga target para sa susunod na anim na buwan.

2. Nahahati sa sumusunod na sangay o deliveri yunit ang KWF: (a) Opisina ng Tagapangulo, (b) Sangay ng Edukasyon at Networking, (c) Sangay ng Salita at Gramatika, (d) Sangay ng Salin, (e) Sangay ng Literatura at Araling Kultural, at (f) Sangay ng Pangasiwaan at Pananalapi. Ang punò ng sangay ng bawat nabanggit na deliveri yunit ang siyang magsusumite ng DPCR output at targets.

Ang punò ng mga sangay ang maggagrado sa mga kawani at ang Direktor-Heneral ang maggagrado sa IPCR ng punò ng mga sangay at sa DPCR ng bawat sangay.

II. Pagranggo sa mga Kawani batay sa IPCR at DPCR

1. Tuwing Enero ng susunod na taon ibinubuod ang grado ng IPCR ng mga kawani at DPCR ng mga deliveri yunit. Kukunin ang average ng IPCR ng Enero–Hunyo at Hulyo–Disyembre.

2. Ang Yunit Pantauhan o katulad, sa patnubay ng PBB Focal Person, ang siyang mangangasiwa ng pagranggo ng mga kawani. Ibabatay sa sistema ng pagranggo sang-ayon sa MC 2017-01 ng Inter-agency Task Force ang sistema ng pagranggo sa mga kawani at deliveri yunit ng KWF. Sang-ayon sa seksiyon 8.1 ng MC 2017-01, iraranggo ang mga deliveri yunit ng KWF batay sa sumusunod:

Kategorya	**Ranggo**
Pinakamahusay	10%
Mahusáy-husáy	25%
Mahusay	65%

Mula sa anim (6) na deliveri yunit ng KWF, isa (1) ang maikakategoryang **Pinakamahusay**, dalawa (2) ang **Mahusay-husay**, at tatlo (3) ang **Mahusay**.

3. Ibabatay naman sa seksiyon 9.0 ang pagranggo sa mga kawani, base sa sumusunod:

Kategorya ng Pagganap (Performance Category)	**PBB bílang % ng Buwanang Batayang Sahod**
Pinakamahusay na Deliveri Yunit (10%)	65%

Mahusay-husay na Deliveri Yunit (25%)	57.5%
Mahusay na Deliveri Yunit (65%)	50%

4. Ang resulta ng pagranggo at ang buod nitó sang-ayon sa Form 1 na Report on Agency Rating and Ranking ay isusumite sa kinauukulang ahensiya sa o bago ang 31 Enero 2018.

Inihanda ni:

(pmdo.)
MARIA CHRISTINA A. PANGAN
Gumaganap na Opisyal sa Pagpaplano / PBB Spokesperson

Inendoso:

(pmdo.)
LORNA E. FLORES
Fultaym Komisyoner / PBB Focal Person